

Tagalog

Pahina ng Impormasyon Pag-unawa ng Kapansanan sa Australya

Ang pahina ng impormasyon na ito ay ginawa ng AMPARO Advocacy upang bigyan ang mga tao mula sa mga komunidad na may magkakaiba-ibang kultura at wika ng nakasaling impormasyon tungkol sa kapansanan.

1. Ano ang kapansanan?
2. Ang kapansanan sa Australya
3. Mga uri ng kapansanan
4. Pagkuha ng tulong para sa maagang pagsuporta
5. Pagkakaroon ng suportang inyong kailangan
6. Saan makakakuha ng tulong
7. Mga pagbabago sa mga serbisyong pangkapansanan
8. Pagkuha ng mga tagapagsalin
9. Pagkuha ng tulong para tapatan at hayagang masabi ang mga sariling palagay



1. Ano ang kapansanan?

Maaaring may kapansanan ang isang tao kung nahihirapan siyang pangalagaan ang kanyang sarili, maglakad o lumibot-libot, makarinig, makakita o mag-isip nang malinaw, o matuto. Maaaring nahihirapan siyang gumawa ng mga pang-araw-araw na gawain.

Ang **Kapansanan** ay maaaring hatid ng isang aksidente, labis na kasakitsakit na karanasan (trauma), sakit o maaaring napanganak ang tao na may ganitong kapansanan. Karaniwan ang kapansanan ay pangmahabang panahon at hindi hihinto, nagtatagal sa buong buhay ng isang tao. Kaya nga, hindi kapansanan ang pagkakaroon ng sakit ng dalawang buwan, o pagkakaroon ng bali sa buto na gagaling.

Ang mga kakayahan ng isang tao ay maaaring din maapektuhan ng palagay ng ibang tao sa kanya (damdamin) at ang pisikal na kapaligiran, gaya ng kung makakaya niyang lumibot-libot sa kanyang tahanan, sa lugar ng trabaho o sa komunidad, kung makakayang niyang sumakay sa mga pampublikong sasakyan, at kung paano siya tatratuhin ng kanyang komunidad.

2. Ang kapansanan sa Australya

May mga magkaparehong karapatan ang mga taong may kapansanan sa Australya sa mga ibang tao at sila ay pinapayagang gumawa ng magkatulad na mga bagay sa ibang mga tao sa komunidad. Halimbawa, may karapatan silang taratuhin nang walang kinikilingan, mag-aral at magtrabaho, pumili kung saan nila gustong tumira, at kung paano nila gustong mabuhay.

Maaaring magkaroon ng magandang buhay ang mga taong may mga kapansanan, tuparin ang kanilang mga hangarin at pangarap, at sumali at makatulong sa komunidad. Ang mga taong may mga kapansanan ay may maraming mga magagaling na katangian at kakayahan at kayang matuto ng mga bagong kasanayan.

Nais ng mga taong may mga kapansanan na makasali sa lahat ng mga bahagi ng buhay ng pamilya at ng komunidad, at ang mga batas ng Australya ay tinutulungan silang gawin ito. Sa Australia, labag sa batas na magtangi laban sa isang taong may kapansanan.

Ang pagkakaroon ng kapansanan ay maaaring mangahulugan na iba ang paraan ng paggawa ng mga bagay ng taong ito, at maaaring kailangan niyang ng ibang uri ng pagdalo (tulong). Maaaring kailangan niya ng tulong sa:

- pagligo sa dutsa o sa banyera
- pagbihis
- paghiga at pagtayo sa kama
- pagsalita at maunawaan
- pamimili
- pagsama sa komunidad
- pagpunta sa trabaho o sa mga medikal na tipanan
- pagbili ng mga kagamitan gaya ng upuang de gulong
- pag-asikaso ng kanyang bahay at pagkaroon ng magandang buhay

3. Mga uri ng kapansanan

Kapansanang pang-isip

Ang mga taong may kapansanang pang-isip ay mas mahihirapan kaysa sa ibang mga tao na matuto ng mga bagong bagay, lumutas ng mga problema at mag-ukol ng isip at gumunita. Ang mga pinakakaraniwang sanhi ay -

- Napanganak na may kapansanan
- Problema habang buntis (halimbawa, hindi nakakakuha ng sapat na oxygen)
- Mga pangkalusugang problema
- Hindi pagkakaroon ng sapat na pagkain, o hindi nakakakuha ng magaling na pangangalagang medikal

Kapansanang pangkatawan

Naapektuhan ng kapansanang pangkatawan ang mga ginagawa ng katawan ng isang tao o ang kakayahang gumalaw, halimbawa ang paglakad o ang pagkontrol ng pantog. O maaaring maapektuhan nito ang isang bahagi ng katawan, halimbawa ang hindi pagkakaroon ng isang binti o isang braso. Maraming sanhi ang kapansanang pangkatawan, maaaring napanganak ang tao na may kapansanan, nagkaroon ng aksidente o dahil sa sakit. Mabibilang sa kapansanang pangkatawan ang pinsala sa gulugod, cerebral palsy, at multiple sclerosis.

Kapansansang ukol sa nerbyo

Naapektuhan ng kapansanang ukol sa nerbyo ang paraan ng pag-asikaso ng utak ng impormasyon at pagbibigay-alam sa mga ibang bahagi ng katawan, halimbawa, ang pagsalita, pag-isip at paggalaw. Maaaring napanganak na may ganitong kapansanan ang tao, nagkaroon ng kapansanan sa bandang huli ng kanyang buhay o dahil sa aksidente.

Sakit sa Utak

Ang mga taong may sakit sa utak ay maaaring nahihirapang mag-isip, makaramdam o mag-ugali, na makakaapekto ng kanilang mga relasyon, kakayahang magtrabaho o mabuhay. Halimbawa, maaaring may malalang depresyon ang isang tao na naapektuhan ang kanyang kakayahang makisali sa pang-araw-araw na buhay. Makaka-apekto ito sa kanyang mga relasyon, trabaho at katuwaan ng buhay.

Kapansanang Pandama

Mabibilang dito ang kawalan ng pandinig, pagkakahina ng paningin o pagsalita.

Tinamong Pinsala sa Utak

Ang tinamong pinsala sa utak ay anumang pinsala sa utak na nangyari pagkatapos mapanganak. Maaaring ang sanhi nito ay aksidente sa kotse, sa paglaro ng isport o ibang mga aksidente. Ang mga epekto ng isang tinamong pinsala sa utak ay maaaring hindi lubha, at nagtatagal nang maikling panahon, o maaari ring malala at panghabang-buhay.

Autism

Ang mga taong may autism ay nahihirapan sa wika o pakikipag-usap at matuto ng mga kasanayang pang-sosyal, maaaring madali sila makaramdam ng mga tunog, paghipo, mga lasa, mga amoy, ilaw o mga kulay.

4. Maagang pagkuha ng tulong

Kung sa palagay ninyo ay may kapansanan ang inyong anak, ang pagkuha ng tulong sa lalong madaling panahon ay makakatulong sa paglaki at pag-unlad ng inyong anak, at maaring mangahulugan na mas kakaunting tulong ang kakailanganin niya sa dakong huli.

Ang maagang pagkuha ng tulong ay makakatulong sa mga pamilya sa pag-unawa ng kapansanan ng kanilang anak, at pagbigay ng mabuting pangangalaga para sa kanilang anak.

5. Pagkuha ng kailangan ninyong supporta

Ang ilang mga taong may kapansanan at ang kanilang mga pamilya ay nahihirapang kumuha ng tulong na kanilang kailangan. Mahalaga na nauunawaan ninyo kung ano ang kapansanan. Maaari ninyong kausapin ang inyong doktor tungkol sa kung paano ninyong malalaman kung kayo ay may kapansanan. May mga serbisyo at mga suporta na makakatulong sa mga taong may kapansanan at sa kanilang mga pamilya.

6. Saan makakakuha ng tulong

Kung kayo ay nakatira sa Queensland at kayo at ang isang miyembro ng inyong pamilya ay nangangailangan ng tulong ngayong, makakatawag kayo sa 13 74 68 at hilingin ninyong makipag-usap tungkol sa inyong sitwasyon sa kanino man mula sa Pangkapansanag mga Serbisyo.

7. Mga pagbabago sa suporta para sa mga taong may mga kapansanan

SA loob ng mga susunod na 3 taon magkakaroon ng mahahalagang pagbabago at pagpapabuti as paraan ng pagkuha ng mga taong may kapansanan at ng kanilang mga pamilya ng suportang kanilang kailangan. Maaari kayong manatiling isinasapanahon sa pamamagitan ng pagbisita sa National Disability Insurance Scheme na website www.ndis.gov.au o pagtawag sa kanila sa 1800 800 110 o 131 450 kung kailangan ninyo ng tagapagsalin.

8. Kailangan ba ninyo ng tagapagsalin o nakasaling impormasyon?


Ang lahat ng mga serbisyo para sa mga taong may kapansanan na pinondohan ng Pamahalaan ng Estado ng Queensland ay kailangang magsaayos ng tagapagsalin kung kailangan, at kayo ay makakahiling ng isang tagapagsalin. Ang National Disability Insurance Scheme nagsasaayos din ng mga tagapagsalin. **Ang mga tagapagsalin ay nagsanay at dapat panatilihin nilang pribado ang inyong mga impormasyon.** Dapat rin bigyan kayo ng mga serbisyo ng impormasyon sa paraan na inyong mauunawaan, halimbawa, makakahiling kayo sa kanila ng nakasaling ang impormasyon sa inyong wika.



9. Suportang Pagtataguyod

Kung kailangan ninyo ng tulong upang masabi nang tapatan at hayagan ang tungkol sa inyong kailangan, maaari kayong kumuha ng tulong mula sa isang ahensya ng pagtataguyod para gawin ito.

Sa Queensland, maaari ninyong kontakin-	
AMPARO Advocacy (<i>Brisbane</i>)	3354 4900
Capricorn Citizen Advocacy (<i>Rockhampton</i>)	4922 0299
Gold Coast Advocacy	5564 0355
Independent Advocacy Townsville	4725 2505
Ipswich Regional Advocacy Service	3281 6006
Mackay Advocacy Inc	4957 8710
Queensland Advocacy Incorporated	3844 4200
Rights In Action Incorporated (<i>Cairns</i>)	4031 7377
Speaking Up For You (<i>Brisbane/ Caboolture</i>)	3255 1244
Sunshine Coast Citizen Advocacy	5442 2524
The Advocacy and Support Centre (<i>Ipswich</i>)	3812 7000
The Advocacy and Support Centre (<i>Toowoomba</i>)	4616 9700



People with Disability Australia

1800 422 015

(Bundaberg, Fraser Coast, Logan, Mt Isa, Sunshine Coast)

Okey magreklamo.

Tandaan ninyo, kung sakaling sinabi sa inyong kontakin ang isang samahan, nguni't hindi sila tumulong, okey bumalik sa kanila, at humiling nang mas mabuting tulong, o kahit na magreklamo.

Kung sa pakiramdam ninyo ay nagtatangi laban sa inyo dahil sa inyong kultura o kapansanan, maaari rin ninyong kontakin ang Queensland Anti-Discrimination Commission sa 1300 130 670.

Ang impormasyon na ito ay ginawa ng AMPARO Advocacy Inc. Bagamat ang lahat ng pag-iingat ay ginawa para tiyaking ito ay tama sa panahon ng paglalathala, ang nilalaman na ito ay inukol upang magbigay ng pangkalahatang buod nguni't maaaring hindi tamang-tama, pangkasalukuyan o kumpleto sa inyong kalagayan, Lubhang irinerekomenda ang karagdagang panariling payo.



53 Prospect Rd Gaythorne 4051
info@amparo.org.au, www.amparo.org.au

phone (3354 4900
Interpreter Service 13 14 50